**Dumarami ang nagkakasakit sa puso.** Ito ang pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga kababaihan sa buong mundo.



Ang proyektong ito ay sinusuportahan ng Patient Alumni Association ng University of Ottawa Heart Institute.

# Hindi napapansin ang mga sintomas ng atake sa puso sa mahigit 50% ng mga kababaihan.


**Mga sintomas ng atake sa puso na madalas na maramdaman ng mga kababaihan:**

- Pananakit, paninikip o pamimigat ng dibdib
- Pananakit ng panga, leeg, kanang braso, o likod
- Labis na pagpapawis
- Kakapusan ng hininga
- Pananakit ng tiyan, pagduduwal, pagsusuka, o impatso

**Iba pang mga sintomas na maaaring maramdaman ng mga kababaihan:**

- Matinding pagkapagod
- Hirap sa pagtulog
- Pagkahilo o pagkalula
- Mabilis o iregular na tibok ng puso

Ang mga babae ay mas malamang na magkaroon ng 3 o higit pang mga sintomas bilang karagdagan sa pananakit ng dibdib.






Kung sa iyong palagay ay inaatake ka sa puso, humingi kaagad ng tulong. **Kung posible, tumawag sa 911. Huwag ipagmaneho ang sarili.**

# Maaaring iba ang mga tipo ng sakit sa puso sa mga babae kaysa sa mga lalaki.

**Mga karaniwang tipo ng sakit sa puso:**

- Pagbuo ng kolesterol sa mga daluyan ng dugo ng puso (sakit sa coronary artery)
- Tumatagas o naninigas ang mga valve ng puso na nakakaapekto sa pagdaloy ng dugo (sakit sa valve ng puso)
- Iregular o mabilis na pagtibok ng puso (arrhythmia)

**Ang mga babae ay mas malamang na magkaroon ng:**

- Punit sa malalaking daluyan ng dugo ng puso (spontaneous coronary artery dissection, SCAD)
- Pagsikip ng malalaking daluyan ng dugo ng puso, na nililimitahan ang pagdaloy ng dugo (coronary vasospasm)
- Sakit sa maliliit na daluyan ng dugo (microvascular dysfunction)
- Mahinang puso dahil sa isang nakaka-stress na pangyayari (Takotsubo cardiomyopathy)
- Mahinang puso sa panahon o pagkatapos ng pagbubuntis (peripartum cardiomyopathy)



Maaring hindi gaanong pamilyar ang mga ilang health providers sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan.



## Maaaring nasa mas malaking panganib ang mga babae na magkaroon ng sakit sa puso.

**Ang mga sumusunod na kondisyon ay dumadagdag sa panganib na magkaroon ng sakit sa puso:**

- Ilang mga komplikasyon ng pagbubuntis
- Maagang menopause (bago ang edad na 45)
- Mga cyst sa mga obaryo at hormonal imbalance (polycystic ovarian syndrome)
- Inflammatory at autoimmune disorders (hal. rheumatoid arthritis, lupus)
- Paninigarilyo
- Diabetes

## Lahat tayo ay may magagawa upang mabawasan ang panganib ng sakit sa puso.

### Ito ang maaari mong gawin:

- Maging aktibo, patuloy na gumalaw
- Kumain ng iba't ibang masustansyang pagkain
- I-manage ang stress
- Iwasan ang sigarilyo at vape
- Limitahan ang pag-inom ng alak
- Regular na magpatingin sa doktor (pagsusuri para sa asukal sa dugo, presyon ng dugo, at kolesterol)

UPANG MAALAGAN NINYO ANG IBA, KAILANGAN NINYONG ALAGAAN ANG INYONG SARILI MUNA.

**SIMULAN ANG PAG-UUSAP.**

**Para suportahan at matuto pa tungkol sa kalusugan ng puso ng kababaihan, mga sintomas, sanhi, panganib, at kung ano ang maaari mong gawin, bumisita sa WearRedCanada.ca o makipag-usap sa iyong healthcare provider.**

# SAKIT SA PUSO NG KABABAIHAN

## ALAM MO BA?



WEAR**RED**CANADA.CA | @CWHH**ALLIANCE**

#HER**HEART**MATTERS

CANADIAN WOMEN'S HEART HEALTH CENTRE NATIONAL ALLIANCE

HER HEART MATTERS
WEAR RED CANADA • FEB 13